

Ang Katotohanan sa Contraception

**Ang pahayag ng mga dalubhasa
tungkol sa malawakang pag-gamit ng
contraception.**

1. Ang pills at IUD ay pumapatay ng sanggol sa sinapupunan.

Kailan ba nagsisimula ang buhay ng tao? Nagsisimula ang buhay sa fertilization, kapag ang isperm ng lalaki ay nakapasok sa itlog ng babae. Ito ang nagkakaisang tugon ng mga batikang mangagamot (kabilang ang mga doktor sa Harvard Medical School at Mayo Clinic) sa isinagawang walong-araw na pagdinig sa Senado ng Estados Unidos.¹

Nakamamatay ba ang contraceptive pills at IUD sa murang sanggol sa sinapupunan? Oo, ang pills ay may masamang epeko matapos ang fertilization, ayon sa American Medical Association² habang ang American Journal of Obstetrics and Gynecology ay nagsabing IUD ay nagdadala ng pagkawasak ng murang sanggol sa sinapupunan.³

2. Ang pill ay nakakasama sa kalusugan ng mga kababaihan.

Ligtas ba ang pag-inom ng pills? Hindi. Noong 2007, sinabi na ng International Agency for Research on Cancer na ang pills ay maaring maging sanhi ng kanser, katulad ng sigarilyo at asbestos.⁴ Pwede rin itong madulot ng stroke,⁵ at atake sa puso.⁶

3. Ang pag-gamit ng contraception ay nakakasira ng pamilya.

Nakabubuti ba sa pamilya ang pagkalat ng contraception? Hindi. Ang mga contraceptive ay magdudulot ng pagkawasak ng pamilya, magpaparami sa extramarital sex, sa mga batang walang ama at sa mga dalagang ina, ayon sa pag-aaral ni George Akerlof na nagwagi ng Nobel Prize.⁷

1 Subcommittee Report, S-158, 97th Congress, 1st Session 1981, 7.

2 Larimore and Stanford (2000). "Post-fertilization effects of oral contraceptives and their relationship to informed consent" *Arch Fam Med* 9 (2): 126-33.

3 Stanford and Mikolajczyk (2005). "Mechanisms of action of intrauterine devices: Update and estimation of post-fertilization effects." *American Journal of Obstetrics and Gynecology* (W.B. Saunders Comp) 187: 1699-1708.

4 "Combined Estrogen-Progestogen Contraceptives." *IARC Monographs on the Evaluation of Carcinogenic Risks to Humans* 91. 2007

5 Kemmeren, et al. (2002). "Risk of Arterial Thrombosis in Relation to Oral Contraceptives (RATIO) Study: Oral Contraceptives and the Risk of Ischemic Stroke." *Stroke* (American Heart Association, Inc.) 33:1202-1208.

6 Baillargeon, McClish, Essah, and Nestler (2005). "Association between the Current Use of Low-Dose Oral Contraceptives and Cardiovascular Arterial Disease: A Meta-Analysis." *Journal of Clinical Endocrinology & Metabolism* (*The Endocrine Society*) 90 (7): 3863-3870.

7 Akerlof, Yellent and Katz (1996), "An Analysis on Out-of-Wedlock Childbearing in the

4. Lalaganap ang AIDS sa pag-gamit ng condom.

Liliit kaya ang bilang ng may HIV/AIDS kapag gumamit ng condom? Tataas pa, ayon kay Edward C. Green, Harvard Director for AIDS Prevention. Nagiging mas mapusok ang mga tao at lalong kakalat ang AIDS kapag laganap ang pag-gamit ng condom.⁸

5. Ang pagpigil sa populasyon ay hindi nakabubuti sa ekonomiya.

May kaugnayan ba ang paglobo ng populasyon sa pag-unlad ng ekonomiya? "Walang malinaw na ugnayan" ang sagot ni Simon Kuznets, nanalo ng Nobel Prize sa Ekonomia.⁹ Maraming ibang pag-aaral ang sumusuporta dito.

Ang pagpigil ba ng populasyon ay isang sangkap sa paglago ng ekonomiya? Hindi. Ang pagpigil sa populasyon ay hindi kabilang sa limang sangkap na natuklasan noong 2008 ng Commission on Growth and Development na pinamunuan ni Michael Spence na nagwagi ng Nobel Prize. Ang mga sangkap ng paglago ng ekonomiya ay: mabuting pamamalakad, pagiging bukas ng isip sa kaalaman, pagkakaroon ng matibay na kabuhayan, tamang pagpili sa paglalaanan ng salapi, at pamumuhunan at pag-iipon.¹⁰

Nagsalita na ang mga dalubhasa.

Tumulong ka sa pamamahagi ng kaalamang ito.

**Gumawa ng maraming kopya para sa iyong kaibigan,
paaralan at barangay. NGAYON!**

**Online: <http://www.scribd.com/doc/41621096>
<http://family.healthypinoy.com>**

United States." Quarterly Journal of Economics (The MIT Press) 111 (2): 277-317

8 Green (2003) *Rethinking AIDS Prevention*. Praeger.

9 Kuznets (1974) *Population Capital and Growth*, Norton.

10 The Growth Commission (2008) *The Growth Report: Strategies for Sustained Growth and Inclusive Development*, World Bank Publication.

Ang mga mag-asawa ay
inaanyayahang mag-aral ng

Billing's Ovulation Method (Natural Family Planning)

Ang nais matuto ay maaaring magpatala
sa kanilang parokya o mag-text ng
NFP <Full Name> <Address>
at ipadala sa 0917-5670248.

Libre ang pag-aaral ng Natural Family Planning.

Courtesy of:



Commission on Family & Life,
Santisimo Rosario Parish
University of Santo Tomas Compound
España, Manila

and



www.healthypinoy.com
Knowledge for wellness